

ANG MGA PANGUNAHING KAALAMAN TUNGKOL SA **PAG-TRANSPLANT NG DUGO AT MARROW**

Kung ikaw o ang isang mahal sa buhay ay may kanser sa dugo gaya ng leukemia o lymphoma o isang sakit sa immune system o mayroong genetic disease, maaaring opsyon sa paggamot para sa iyo ang pag-transplant ng dugo o marrow.

ANO ANG **BONE MARROW?**

Ang bone marrow ay ang malambot na tissue sa loob ng iyong mga buto na gumagawa ng mga selyula sa pagbuo ng dugo. Ang mga selyula sa pagbuo ng dugo ay mga immature na selyula (tinatawag ding mga blood stem cell) na nagiging mga pulang selyula sa dugo, puting selyula sa dugo o platelet. Kapag mature na ang mga ito, lumalabas ang mga selyula at platelet sa marrow at pumapasok sa daluyan ng dugo.

- **Ang mga puting selyula sa dugo** ay tumutulong sa paglaban sa mga impeksyon.
- **Ang mga pulang selyula sa dugo** ay nagdadala ng oxygen sa buong katawan.
- **Ang mga platelet** ay tumutulong sa pag-aangat ng pagdurugo.

ANO ANG ISANG **PAG-TRANSPLANT NG DUGO O MARROW?**


Ang pag-transplant ng dugo o marrow ay papalit sa mga hindi malulusog na selyula sa pagbuo ng dugo ng mga malulusog na selyula. Bago ang iyong transplant, tatanggap ka ng chemotherapy na mayroon o walang kasamang radiation upang mapatay ang mga may sakit na selyula at marrow.

Pagkatapos, bibigyan ka ng malulusog na selyula. Hindi isang operasyon ang pag-transplant ng dugo o marrow. Paparaanin ang mga bagong selyula sa daluyan ng dugo sa pamamagitan ng isang intravenous (IV) na catheter o tubo. Katulad ito ng pagtanggap ng dugo o gamot sa pamamagitan ng isang IV. Mula rito, ang mga selyula na ang pupunta sa iyong marrow. Doon, lalaki ang mga ito at magsisimulang bumuo ng malulusog na pulang selyula sa dugo, puting selyula sa dugo at platelet.

Mayroong 2 pangunahing uri ng transplant:


1. **Autologous na Transplant**

Sa autologous na transplant, ginagamit ang sarili mong selyula sa pagbuo ng dugo. Kinukuha ang mga selyula mula sa daluyan ng iyong dugo (mga peripheral blood stem cell o PBSC) o bone marrow at maingat na iniimbak hanggang sa gamitin ang mga ito.



2. **Allogeneic na Transplant**

Sa isang allogeneic na transplant, galing sa ibang tao ang ginagamit na mga selyula sa pagbuo ng dugo. Ang taong ito ay maaaring miyembro ng pamilya o isang taong walang kaugnayan sa iyo. Kung ginamit ang dugo mula sa cord, kadalasan, walang kaugnayan sa iyo ang donor, ngunit minsan ay maaari din itong magmula sa isang donor na may kaugnayan sa iyo.



Maraming salita ang ginagamit upang ilarawan ang pag-transplant. Maaari mong marinig ang:

- Transplant ng marrow o dugo mula sa cord
- Pag-transplant ng stem cell
- BMT (pag-transplant ng dugo at marrow (blood and marrow transplant) o pag-transplant ng bone marrow (bone marrow transplant))
- HCT (pag-transplant ng hematopoietic cell (hematopoietic cell transplant))

SAAN NANGGAGALING ANG MGA SELYULA?

Mayroong 3 mapagkukunan ng mga selyula sa pagbuo ng dugo na ginagamit sa mga pag-transplant. Ang mga ito ay ang:

- **Bone marrow:** Ang parang sponge na tissue sa loob ng mga buto
- **Mga peripheral blood stem cell (PBSC):** Mga selyula sa pagbuo ng dugo mula sa dumadaloy na dugo
- **Dugo mula sa cord:** Ang dugong nakukuha mula sa umbilical cord at placenta pagkatapos ipanganak ang isang sanggol

ANONG URI NG TRANSPLANT ANG PINAKANAAANGKOP SA AKIN?

Irerekomenda ng iyong doktor sa pag-transplant kung aling uri ng transplant—autologous o allogeneic—at kung aling mapagkukunan ng selyula ang pinakanaaangkop sa iyo. Ang pasyang ito ay batay sa maraming salik kabilang ang:

- Uri ng iyong sakit at ang yugto nito
- Iyong pangkalahatang kalusugan

Mga dapat mong itanong sa iyong doktor:

- Anong uri ng transplant at anong mapagkukunan ng mga selyula ang inirerekomenda ninyo?
- Ano ang mga panganib at benepisyo ng transplant para sa akin?

Kung tatanggap ka ng allogeneic na transplant, hindi mo na kakailanganing maghanap ng sarili mong donor. Susuriin muna ng iyong doktor ang mga miyembro ng iyong pamilya upang subukang makahanap ng katugmang donor. Kung walang makitang katugmang donor sa iyong pamilya, maaaring maghanap ang iyong doktor sa Be The Match Registry®.

KAILAN ANG PINAKAMAINAM NA PANAHON NA SUMAILALIM SA ISANG TRANSPLANT?

Matagal ang ginugugol na panahon para sa pagpapalano ng isang transplant, kaya maaaring simulan nang maaga ng iyong doktor ang proseso—kahit pa iniisip mong sumailalim sa iba pang mga paggamot.

May mga sinusundang alituntunin ang mga doktor sa pagrerekomenda ng pinakamainam na panahon para sa transplant. Sa pangkalahatan, nagiging pinakamatagumpay ang mga transplant kung:

- Ikaw ay nasa mga yugto ng sakit kung saan hindi pa ito malala
- Ikaw ay nasa remission (walang mga palatandaan ng sakit), o napakakaunti ng mga palatandaan ng sakit ang nakikita sa iyong katawan
- Bumuti na ang iyong sakit pagkatapos ng paggamot
- Sa pangkalahatan, mabuti ang iyong kalusugan

Natatangi ang kalagayan ng bawat pasyente, kaya mahalagang makipag-usap sa iyong doktor tungkol sa lahat ng iyong opsyon. Magtanong upang malaman kung ano ang mga bagay na dapat mong asahan sa iyong paggamot. Tiyaking kumportable ka sa iyong plano sa paggamot.

Pinakamakailang medikal na pagrebasong naisagawa noong Marso 2015



SA BAWAT HAKBANG, NARITO KAMI **UPANG TUMULONG**

MATUTO: **BeTheMatch.org/patient**

MAG-EMAIL: **patientinfo@nmdp.org**

MAG-ORDER: **BeTheMatch.org/request**

TUMAWAG : **1 (888) 999-6743**



Natatangi ang medikal na kalagayan, karanasan sa transplant at pagpapagaling ng bawat indibidwal. Dapat mong konsultahin palagi ang sarili mong pangkat sa transplant o doktor ng pamilya tungkol sa iyong kalagayan. Ang impormasyong ito ay hindi naglalayon, at hindi dapat na pumalit sa medikal na pasya o payo ng doktor.